

Handbook ng Magulang sa Pag-unlad ng Karera¹

Gabay ng magulang sa kaalaman at pagsaliksik sa karera...

Talahanayan ng Nilalaman

Bakit dapat magsaliksik ng mga karera ang aking anak?

Bakit mahalagang magsimula nang maaga?

Ang maagang pananaliksik ba ng karera ay tungkol sa pagpili ng karera at pananatili dito?

Bakit mahalaga ang tulong ko?

Paano ko tutulongan ang anak kong pumili ng nakasisiyang landas ng karera?

Paano ko sisimulang kausapin ang anak ko tungkol sa mga karera?

Ano dapat ang itsura ng pagsaliksik ng karera?

Saan makakahanap ang aking anak ng maaasahang impormasyon tungkol sa pananaliksik ng karera?

BAKIT DAPAT MAGSALIKSIK NG MGA KARERA ANG AKING ANAK?

Upang makagawa ang iyong anak ng mabubuting mga desisyon sa karera, dapat siyang magsaliksik at mag-imbetiga ng maraming mga karera. Ang aktibong partisipasyon sa mga gawain sa pananaliksik ng karera ay makakatulong sa iyong anak na malaman ang maraming mga oportunidad sa karera na mayroon at ang mga hakbang na kailangang gawin upang maabot ang kanyang mga layunin sa karera. Kasama sa ilang mga benepisyo ng pagsasaliksik ng karera ay:

- Paglantad sa iyong anak sa mga karera na maaaring hindi niya kailanman naisaalang-alang; at
- Pagdiskubre ng iba't-ibang mga edukasyon matapos ang mataas na paaralan at pagsasanay, pati na ang kanilang mga gastos, kaya hindi mag-aaksaya ang iyong anak ng oras at pera sa pagkuha ng pagsasanay na hindi kaugnay ng kanyang napiling karera.
- Pag-unawa sa mga kapaligiran sa trabaho ng mga kaaya-ayang karera:

BAKIT MAHALAGANG MAGSIMULA NANG MAAGA?

Mahalagang magsimula nang maaga sa kaalaman sa karera dahil ang kaalamang ito ay maaaring:

- Magdagdag ng interes sa pag-aaral ng inyong anak,
- Bawasan ang posibilidad na ang iyong anak ay hindi magpatuloy ng pag-aaral, at

¹ Inangkop mula sa mga publikasyong ginawa ng America's Career Resource Network (ACRN) at ng Sonoma County Office of Education (SCOE)

- Ipakita sa iyong anak na ang ginagawa niya ngayon sa paaralan ay ang susi sa pagkamit ng kanilang pansariling mga layunin sa hinaharap.

Habang nasa elementaryang paaralan, matutulungan mo ang iyong anak na:

- Diskubrehin ang iba't-ibang mga karera;
- Iugnay ang natututunan niya sa paaralan sa mga kalagayan sa tunay na buhay;
- Ipalagay ang sarili niya sa isang hanapbuhay; at
- Bumuo ng mga kahusayan katulad ng pagtatrabaho at pakikipaglaro sa iba, pagpapasya, paglutas ng mga problema, at pagiging lider—ito ay mahahalagang kahusayan upang maging handa sa trabaho.

Kadalasan, ang kaalaman ng mga bata sa karera ay limitado sa nakikita nila sa telebisyon o kung ano ang ginagawa ng mga pamilya nila bilang kabuhayan. Ang isa sa pinakamahusay na paraan upang ihanda ang iyong anak para sa trabaho ay turuan siya tungkol sa malawak na saklaw ng mga karera.

Upang tulungan ang iyong anak na maunawaan kung paano kakailanganin sa karera sa hinaharap ang mga gawain niya sa paaralan, ipakita kung paano ginagamit ng mga manggagawa ang mga kahusayang iyon sa kanilang mga trabaho. Halimbawa:

- Gumagamit ang beteryaryo ng kahusayan sa matematika upang kalkulahin ang dami ng gamot na kakailanganin ng isang pusa;
- Kailangan ng opisyal ng pulisya ang kahusayan sa pagsusulat upang bumuo ng mga ulat; at
- Kailangan ng karpentero ng iba't-ibang kahusayan sa matematika upang kumpletuhin ang proyekto sa konstruksiyon.

Nasasa-iyong kung paano ipapakita sa iyong anak ang direktang ugnayan sa pagitan ng paaralan at karera at linawin na ang tagumpay ng paaralan ay nagbubukas ng mga pintuan sa tagumpay sa karera.

ANG MAAGANG PANANALIKSIK BA NG KARERA AY TUNGKOL SA PAGPILI NG KARERA AT PANANATILI DITO?

Hindi. Ang maagang pagpapaunlad ng karera ay upang ipakita sa iyong anak ang di-mabibilang na mga landas ng karera na bukas sa kanila. Ang pagpapaunlad ng karera ay prosesong pang-habang buhay at dapat mong asahan na ang mga plano ng iyong anak ay magbabago habang tumatanda siya at nakakakalap ng higit pang impormasyon.

Ang pagsasaliksik sa mga karera ay hindi nangangahulugan na ang mga desisyon ay nakaukit sa bato. Nangangahulugan ito na ang iyong anak ay makakagawa ng mas mahusay na mga desisyon sa karera dahil mas may kumpiyansa siyang uusad gamit ang pundasyong nilatag sa paaralang elementarya.

Narito ang palaisipan: Ang numero-unong dahilan sa hindi pagpapatuloy ng mga mag-aaral sa kolehiyo ay ang kawalan ng pagtutok sa karera. At kung mas nag-aalinlangan ang mag-aaral sa kolehiyo, mas higit sa malamang na kakailanganin niyang gumastos ng higit pang pera at taon sa kolehiyo habang nagtatapos ng digri. Ang maagang pagsaliksik ng karera ay ang susi sa pagtutok sa kolehiyo/karera!

BAKIT MAHALAGA ANG TULONG KO?

Napakahalaga ng iyong tulong dahil:

- Pinapakita ng pananaliksik na ang mga magulang at mga tagapangalaga ay may pinakamalaking impluwensiya sa mga pagpipilian ng kanilang mga anak na karera.
- Bilang magulang, mas kilala mo ang iyong anak kaysa sino pa man.
- Ikaw, mahigit sa sinuman, ang may pinakamalaking interes sa pagtulong sa iyong anak na pumili ng mapagpabuyang karera.
- Alam mo na napakahalaga ng kinabukasan ng iyong anak upang ipaubaya sa suwertihan o pagkakataon.

Ang mahuhusay na karera ay hindi basta nangyayari, ito ay resulta ng maingat na pagplano at ikaw lang ang nag-iisang taong makakasiguro na magagawa ng iyong anak ang kanilang pinakamahusay na posibleng pagpili

Mahalagang malaman na pumipili ng karera ang mga tao dahil sa iba't-ibang mga dahilan:

- Ang ilan ay tumututok sa kinalakihan nila at pumipili ng mga karera na katulad ng sa mga magulang o tagapangalaga nila;
- Ang ilan ay pumipili ng karera batay sa suweldo; at
- Ang ilan ay “nalalagay” sa karera dahil nagsimula sila ng trabaho at nagpasyang manatili dito.

PAANO KO TUTULUNGAN ANG ANAK KONG PUMILI NG LANDAS NG KARERA?

Ang unang hakbang sa pagpili ng landas ng karera ay tukuyin ang mga interes ng iyong anak.

Bakit ito mahalaga? Dahil pinapakita ng pananaliksik na ang iyong anak ay mas magtatagumpay at mas masisiyahan sa napili niyang karera kung ang pagpiling iyon ay batay sa kanyang mga interes.

Ang mga interes nila ay nagtuturo sa daan sa pinakamahusay na posibleng landas ng karera. Narito ang ilang mga tanong na maaari mong itanong sa iyong anak upang makakuha ng mas malinaw na larawan ng kanyang mga interes:

- Ano ang paborito mong paksa sa paaralan?
- Anong mga extracurricular na aktibidad ang pinakahigit mong kinasisiyahan?
- Ano ang iyong mga libangan?
- Ano ang gusto mong gawin kasama ng mga kaibigan?
- Ano ang mga espesyal na kahusayan ang sa palagay mo ay mayroon ka?
- Ano ang nagawa mo na pinakapinagmamalaki mo?
- Ano ang iyong pinakapinag-iinterasan?

Maliban sa direktang pagtanong sa iyong anak, may ilang ibang paraan upang tukuyin kung ano ang pinakagusto niya. Tumutok sa mga aktibidad, libro, pelikula at mga palabas sa telebisyon na kinaluluguran iyong anak; tingnan ang mga website na binibisita niya at paano niya ginagamit ang kanyang libreng panahon. Kapag natulungan mo ang iyong anak na matukoy ang mga interes, maghanap ng mga paraan upang palaguin ang mga interes na iyon. Narito ang ilang mga ideya:

Kung interesado sa mga hayop ang iyong anak, maaaring nais niyang:

- Sumali sa isang 4-H club
- Magboluntaryo sa isang lokal na klinika ng beteryaryo
- Ilakad o alagaan ang aso ng kapitbahay

Kung interesado sa sining ang iyong anak, maaaring nais niyang:

- Magdisenyo ng personal na website
- Gumawa ng mga card pangkaarawan o piyesta opisyal para sa mga kamag-anak at mga kaibigan
- Lumikha ng mga graphics para sa pahayagan ng paaralan

Kung gustong tumulong sa mga tao ng iyong anak, maaaring nais niyang:

- Maging tagapagpayo sa summer camp
- Mag-alaga ng bata para sa kaibigan o kamag-anak
- Turuan ang nakakabatang bata na magbasa

Kung gustong gumawa o magkumpuni ng iyong anak ng mga bagay, maaaring nais niyang:

- Bumuo ng radyo o computer mula sa kit
- Distrunkahin ang lumang appliance at buuin muli ito
- Magdisenyo at bumuo ng bahay ng ibon

Kung gusto ng iyong anak ng sports, maaaring nais niyang:

- Maglaro sa isang sports team
- Tumulong sa coach
- Mag-umpire o mag-reperi ng mga laro sa komunidad

Ito ay ilan lang sa mga aktibidad na makakatulong sa anak mong masaliksik ang kanyang mga interes at mas mahusay na ihanda sila upang magpasya tungkol sa karera nila sa hinaharap. May opsyon din ang anak mong lumikha at itabi ang kanilang impormasyon para sa patuloy na pagsasaayos sa pamamagitan ng paggamit ng Plano sa Mataas na Paaralan at Plano sa Pagkilos sa Karera na maa-access nila sa isang libreng “Aking Gamit na akawnt sa Aking Sentro ng Career. Maglaan ng oras upang tulungan ang anak mong lumikha ng akawnt at isapanahon ang mga plano nila ayon kapag kinakailangan.

PAANO KO SISIMULANG KAUSAPIN ANG ANAK KO TUNGKOL SA MGA KARERA?

Ang isang paraan upang simulang kausapin ang iyong anak tungkol sa karera ay ang pagpapakita sa kanila kung paano nauugnay ang mga interes nila sa mga aktibidad ng mga mas nakatatanda. Halimbawa:

- *Kung gusto ng iyong anak ang sining*, talakayin kung paano gumagamit ang mga mas nakatatanda ng sining upang magdisenyo ng mga bahay, damit, mga patalastas sa magasin, mga set ng pelikula, at pati mga laruan. Ipaliwanag na ang sining ay ginagamit din upang gumuhit ng mga cartoon, mag-ayos ng mga bulaklak, at kumuha ng mga larawan para sa mga magasin at libro.
- *Kung nais ng iyong anak ang mamalagi sa labas*, talakayin kung paano siya magkakaroon ng karera na nagtatrabaho sa labas, katulad ng landscape architecture, forestry, archaeology, konstruksiyon, marine biology, o commercial na pangingsida.
- *Kung napakamapagkaibigan ang iyong anak*, talakayin kung paanong ang mga taong gustong nagsasalita at makipagtulungan sa mga tao ay maaaring piliing magtrabaho bilang guro, abogado, kinatawan ng serbisyong pangkostumer, resepsyonista, tagapamahala ng hotel o tagapagplano ng kaganapan.
- *Kung gusto ng iyong anak na tumulong sa mga tao*, pag-usapan ang magkakaibang paraan na magagawa niya iyan sa karera, katulad ng pagtatrabaho bilang nars, doktor, tagapagsanay ng atleta, paramediko, tagapagpayo ng pamilya, o tagapag-alaga ng bata.
- *Kung gusto ng iyong anak ang matematika*, kausapin siya tungkol sa pagiging isang accountant, computer programmer, inhinyero o statistician. Dapat mo ring ipaalala sa anak mo na karamihan ng mga karera ay gumagamit ng basikong matematika, kaya napakahalaga na magtaglay ng kahusayang ito.
- *Kung gusto ng iyong anak na panatiliing ligtas ang ibang tao*, kausapin sila tungkol sa karera bilang opisyal ng pulis, siyentistang forensic, detective, imbestigador, parole officer, guwardiyang pangseguro, o bumbero.

ANO DAPAT ANG ITSURA NG PAGSALIKSIK NG KARERA?

Ang pananaliksik ng karera ay nagsisimula sa kaalaman ng iba't-ibang umiiral at bagong labas na mga okupasyon. Nagpapatuloy ito sa pananaliksik na “pagsubok” sa ilang mga okupasyon. May dalawang paraan sa pagsaliksik sa mga karera: ang isa ay pag-iimbestiga at ang isa ay ang maranasan. Tulungan ang iyong anak na magawa pareho.

Pag-imbestiga ng Mga Karera: Dapat kumolekta ang iyong anak ng lahat ng impormasyong posible tungkol sa ilang mga opsyon sa karera. Sa ganitong paraan,

makakalikha siya ng higit na makatotohanang plano sa edukasyon at karera na gagabay sa kanilang paggawa ng desisyon. Kasama sa impormasyon sa karera na dapat maimbestigahan ay:

- Anong edukasyon ang kailangan ng karerang ito?
- Saan makukuha ang edukasyon/pagsasanay?
- Makukuha ko ba ang edukasyon/pagsasanay na kailangan upang pumasok sa karerang ito?
- Ano ang pananaw sa hinaharap para sa karerang ito?
- Ang ang landas para sa pag-unlad sa karera?
- Anong ibang mga karera ang malapitang kaugnay sa karerang ito?
- Ano ang mga pang-araw-araw na gawaing isinasagawa sa karerang ito?
- Tugma ba ang mga gawain sa aking mga interes at pinahalalagahan sa trabaho?
- Ano ang normal na mga oras ng pagtatrabaho?
- Kailangan ba ng pagbiyahe sa karerang ito?
- Ano ang mga benepisyo sa kalusugan at pagreretirong karaniwang kalakip sa linya ng trabahong ito?
- Ano ang karaniwang mga suweldo para sa karerang ito?
- Kailangan ko bang lumipat upang makahanap ng trabaho?

Pagdanas ng Mga Karera: Habang ang anak mo ay nasa gitna at mataas na paaralan, maaari siyang lumahok sa maraming mga aktibidad sa pananaliksik ng karera. Maaaring kasama sa mga aktibidad na ito ang:

- **Informational interviewing. [Pagpapanayam para sa impormasyon.]** (Nasa wikang Ingles ang web site.) Hikayatin ang iyong anak na tumawag sa mga tao na nagtatrabaho sa napili niyang karera. Dapat ipaalam ng iyong anak sa bawat tao ang layunin ng tawag at alamin kung gaano karaming oras mayroon ang indibiduwal upang makipag-usap. Kasama sa mahahalagang tanong na tatanungin nila:
 - Ano ang mga pang-araw-araw na aktibidad ang ginagawa mo sa trabaho mo?
 - Paano mo ito napili bilang iyong karera?
 - Anong uri ng pagsasanay ang kinailangan mo upang makapasok sa karera na ito?
 - Ano ang pinakanagustuhan mo sa trabaho mo?
 - Ano ang pinaka-ayaw mo sa trabaho mo?
- **Mga tanghalan ng karera.** Samantalahin lahat ng pagkakataon na pumunta sa mga tanghalan ng karera kasama ng iyong anak upang pareho kayong magkaroon ng pagkakataong matuto nang higit pa tungkol sa iba't-ibang mga karera. Ang mga tanghalan ng karera ay kadalasang hinahandog sa mga mataas na paaralan, mga lokal na kolehiyo o ng mga lokal na sala ng komersiyo.

- **Job shadowing experiences.** [Mga karanasan sa pagmatyag sa trabaho.] (Nasa wikang Ingles ang web site.) Kung mas madalas na makakita ng nasa kapaligiran ng trabaho ang iyong anak, mas maaabisuhan siya tungkol sa mga posibleng karera. Ang isang halimbawa ng pagkakataon na magmatyag sa trabaho ay ang paglahok ng iyong anak sa “Araw ng Pagsama sa Iyong Anak sa Trabaho.”
- **Internships and work-based learning.** [Mga internship at pagkatuto habang nasa trabaho.] (Nasa wikang Ingles ang web site.) Tulungan ang iyong anak na makahanap ng internship o pagkatuto habang nasa trabaho na oportunidad na kaugnay ng kanyang lugar ng interes sa karera. Alamin sa mataas na paaralan ng iyong anak upang makita kung makakatanggap sila ng kredito sa mataas na paaralan para sa ganitong uri ng karanasan sa trabaho. Ang mga internship at pagkatuto habang nasa trabaho ay maaaring may bayad o walang bayad na mga posisyon.
- **Boluntaryong trabaho.** Hikayatin ang iyong anak na magboluntaryo para sa negosyo o organisasyon na nagbibigay ng mga trabaho sa kanyang lugar ng interes sa karera.
- **Career Technical Education (CTE) classes.** [Mga klase para sa Teknikal na Edukasyon sa Karera (CTE).] (Nasa wikang Ingles ang web site.) Hikayatin ang iyong anak na kumuha ng mga klase ng CTE sa lugar na kaaya-aya sa kanila upang makakuha ng hands-on na karanasan sa mga kasangkapan at mga kahusayan na ginamit sa lugar ng karera.
- **Mga field trip.** Ang mga field trip ay isa pang paraan upang makita ng iyong anak ang mga manggagawa sa maraming magkakaibang karera. Bago pumunta sa field trip ang iyong anak, bilinan siyang panoorin ang magkakaibang uri ng mga manggagawa at mga karera habang nasa field trip. Pagkatapos, talakayin ang mga karera na ito sa iyong anak. Maaari ka ring magsaayos ng field trip para sa iyo at sa anak mo sa isang negosyo o organisasyon na nag-eempleyo ng mga tao sa pinag-iinterasang karera ng iyong anak.

SAAN MAKAKAHANAP ANG AKING ANAK NG MAAASAHANG IMPORMASYON TUNGKOL SA SA PANANALIKSIK PARA SA KARERA?

Maraming mga dulugan para sa pananaliksik ng karera. Kung may sentro ng karera ang paaralan ng iyong anak, ito ay mahusay na lugar na pagsimulan. Ang lokal na aklatan ay maaaring may computerized na sistema sa paghahatid ng impormasyon sa karera (CIDS) na mayamang pagkukunan ng impormasyon sa karera.

Ang isa pang mahusay na mapagkukunan ay ang Internet. Ang sumusunod ay listahan ng maaasahang mga Web site para sa kaalaman at pananaliksik ng karera (ang ilan sa mga site ay nasa wikang Ingles lang):

- **California Career Resource Network (CalCRN)**
[Network ng Dulugan sa Karera ng California]

- [California Career Zone](#)
[Sona ng Karera sa California]
- [California Career Café](#)
[Kapihan para sa Karera sa California]
- [California Colleges](#)
[Mga Kolehiyo sa California]
- [America's Career InfoNet](#)
[InfoNet ng Karera sa Amerika]
- [Occupational Outlook Handbook](#)
[Handbook sa Pananaw sa Okupasyon]
- [O*Net](#)
[O*Net]

Tandaan...

Sa huli, ang pagpili ng karera ay isang personal na desisyon, kaya huwag subukang dalhin ang iyong anak sa partikular na karera dahil sa palagay mo ito ay bagay na maaaring gusto nila o dapat gawin. Bilang nagmamalasakit na magulang, bigyan ang iyong anak ng sapat na pagkakataon upang saliksikin ang mga interes nila at matutunan ang tungkol sa mga oportunidad sa karera. Ang iyong pagsali at paghikayat upang isipin ang mga karera sa maagang edad ay makakatulong sa tagumpay sa hinaharap ng iyong anak.

Dahil sa iyong gabay at mga nilikhang oportunidad, maaaring magbago ang mga interes sa karera ng iyong anak. Magpatuloy na hikayatin ang iyong anak habang nagbabago ang mga napili sa karera— kung mas marami siyang impormasyon tungkol sa mga karera, magiging mas mahusay ang mga desisyon niya sa karera.

NOTE TO LOCAL EDUCATIONAL AGENCIES (LEAS): The California Department of Education (CDE) wishes to thank the California Career Resource Network and the Sonoma County Office of Education for their permission to translate this handbook. As a form of assistance to LEAs, the CDE offers this translation free of charge. Because there can be variations in translation, LEAs should confer with local translators to determine any need for additions or modifications, including the addition of local contact information or local data, or modifications in language to suit the needs of specific language groups in the local community. If you have comments or questions regarding the translation, please e-mail the Clearinghouse for Multilingual Documents (CMD) at cmd@cde.ca.gov.